

Pinagsamang Deklarasyon na pang Emerhensiya ng Sapporo at Hokkaido

Ang Sapporo at Hokkaido ay nagkaroon ng pinagsamang deklarasyon ukol sa maagap na pagpigil ng malawak at delikadong pagkalat ng corona virus sa pangalawang pagkakataon.

1. Bawasan ang mga oportunidad na makihalubilo o pagtitipon sa lungsod ng Sapporo o tinatawag na social distancing.

Dahilan sa muling pagkalat ng corona virus, hinihiling sa mga mamamayan na bawasan ang paglabas ng bahay at ang mga nakatira sa ibang lungsod ay iwasang pumunta sa Sapporo kung hindi rin lamang mahalaga ang pakay upang mabawasan ang panganib na mahawaan ang bawat isa. Ito ay isasagawa hanggang ika-6 ng Mayo.

2. Iwasang pumunta sa mga lugar ng kainan at inuman sa downtown

Base sa pangunahing panukala ng bansang Hapon ukol sa pagpigil ng malawak na pagkalat ng corona virus mahigpit na hinihiling sa mga mamamayan na iwasang pumunta sa mga lugar ng kainan at inuman kagaya ng snack, bar, lounge, izakaya at iba pa. Subalit hinihiling naman sa bansa na bigyan ng suportang pang pinansyal kung ang lugar na ito ay magsasara.

3. Sundin ng Estado ng Emerhensiya

Para sa mga mamamayan na dumating sa Hokkaido galing sa ibang lugar, ay nararapat na tupdin ang mga panukala ukol sa estado ng emerhensiya. I monitor ang sariling health condition sa loob ng 2 linggo. Iwasan ring lumabas ng bahay kung hindi mahalaga ang pakay.

4. Pagsasara ng eskwelahan, gymnasium at iba pang pampublikong pasilidad.

Walang pasok ang mga estudyante sa elementary, junior highschool, senior highschool sa Sapporo simula ika-14 ng Abril hanggang ika-6 ng Mayo. Kasama rito ang mga estudyanteng nanggagaling sa karatig lugar. Isasara rin ang mga pampublikong pasilidad na ginagamit ng karamihan.

5. Sapat at mas mabuting serbisyo ng medikasyon.

Dahilan sa pagdami ng mga pasyente ng corona virus, kusang isasagawa ang pagbubukod sa mga malubhang pasyente sa hindi malubhang pasyente. Ang mga hindi malubhang pasyente ay maaaring ilipat sa mga nahiram na akomodasyon. Ito ay isasagawa sa lalong madaling panahon.

6. Mas matatag na suporta para sa ekonomiya ng rehiyon.

Naging malaki ang epekto ng Corona virus sa ekonomiya lalo na ang mga kompanya ng Turismo. Kaya hinihiling sa bansa na magsagawa ng anomang paraan upang maipagpatuloy ang kanilang negosyo at mabalik na sa dating sitwasyon.